Mga kaalaman sa imigrasyon para sa lahat ng manggagawa

1. Ang mga batas ng pagtatrabaho sa Australya ay nagbibigay ng batayang proteksyon at mga karapatan sa lahat ng manggagawa sa Australya, kasama na dito ang mga manggagawa mula sa ibang bansa.

Mga kaalaman sa imigrasyon para sa mga mangagagawang mula sa ibang bansa

2. Bawat manggagawa mula sa ibang bansa ay kailangang may hawak na may saysay na Australyanong visa na nagsasaad ng karapatang magtrabaho. Kasama sa mga pansamantalang visa na may karapatang magtrabaho ang mga visa sa bakasyong nagtatrabaho, visa ng mga estudyante at subclass 457 na visa. Maaari mong malaman ang iyong mga karapatan sa pagtatrabaho at visa sa www.immi.gov.au.
3. Tungkulin ng mga nagpapatrabaho na alamin ang karapatang magtrabaho sa Australya ng lahat ng manggagawa nito at maaaring hilingin sa mga manggagawa na ipakita ang kanilang pasaporte o iba pang pagkakakilanlan. Kailangang may pagsang-ayon mula sa iyo ang pagpapakita ng iyong karapatan o pahintulot sa pagtatrabaho.
4. Hindi maaaring magkansela ng mga visa ang mga nagpapatrabaho. Ang Kagawaran ng Imigrasyon at Pagkamamamayan (DIAC) lamang ang maaaring maggawad, tumanggi o magkansela ng mga visa. Makapagbibigay ng impormasyon ang DIAC tungkol sa mga pagpipiliang visa, mga karapatan at tungkulin, kasama ang pagpapalit ng isponsor o pag-aaplay bilang permanenteng residente.
5. Para sa mga may hawak na subclass 457 na visa, ang mga nagpapatrabahong nag-isponsor ay:
   - kailangang magbigay sa mga manggagawa mula sa ibang bansa ng parehong sahod at kalagayan sa ibang mga manggagawa na may parehong trabaho sa iisang pinagtatrabahuhan
   - kailangang kumuha lamang ng mga manggagawa mula sa ibang bansa na may aprobadong trabahong sinanay
   - kailangang maniguro na ang mga manggagawa mula sa ibang bansa ay hindi pumapasok sa iba pang mga nagpapatrabaho
   - hindi maaaring magpasahod sa mga manggagawa ng cash
   - ay kailangang sumagot sa balikang pamasahe sa eroplano ng mga manggagawa mula sa ibang bansa kung hiniling mo o ng DIAC sa sulat
   - ay hindi dapat magbawas sa sahod ng mga mangagagawa (maliban sa buwis) nang wala silang pahintulot.
6. Hindi mo kailangang kumuha ng Ahente sa Migrasyon upang maghanda ng aplikasyon sa visa. Kung nagdesisyon kang gumamit ng Ahente ng Misgrasyon, siguruhin mo na ang ahente ay naka-rehistro sa Tanggapan ng May-kapangyarihan sa Pagrerehistro sa mga Ahente ng Migrasyon (MARA).

Karagdagang impormasyon

Department of Immigration and Citizenship
www.immi.gov.au o 131 881.

Unions Australia
www.unionsaustralia.com.au o 1300 486 466.

Fair Work Australia
www.fairwork.gov.au o 13 13 94.

Office of the MARA
www.mara.gov.au o 1300 22 62 72

Para sa impormasyon sa ibang mga wika bukod sa Ingles, tawagan ang Serbisyo ng Pagsasalin at Pagpapaliwanag sa 131 450.